## Tumawag sa Your Story Disability Legal Support sa 1800 77 1800 o bisitahin ang aming website sa www.yourstorydisabilitylegal.org.au

Kung ikaw ay isang Aborihinal at/o isang Torres Strait Islander maaari ka naming iugnay sa isang Aborihinal na serbisyo sa batas.

Interpreter

Kung kailangan mo ng isang interpreter, maaari naming isaayos ang serbisyong ito nang libre para sa iyo. Sabihin mo sa amin ang iyong wika at aasikasuhin namin ito para sa iyo.

NATIONAL RELAY SERVICE

Kung may kapansanan ka sa pandinig o pananalita maaari kang makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa national relay service (NRS) sa 133 677 o TTY 02 9219 5126.

# YOUR STORY

**DISABILITY LEGAL SUPPORT**

Libre at independiyenteng ligal na suporta upang maibahagi ang iyong kuwento sa Disability Royal Commission

# YOUR STORY

DISABILITY LEGAL SUPPORT

# Nais mo bang ibahagi ang iyong kuwento sa Disability Royal Commission?

**Tumawag sa 1800 77 1800 (libreng tawag)**
**www.yourstorydisabilitylegal.org.au**

Isang magkasamang inisyatiba ng:

National Legal Aid

NATSILS
National Aboriginal and Torres Strait Islander Legal Services
TRUE JUSTICE FOR OUR PEOPLE

**Ang Disability Royal Commission ay isang pagkakataon upang maibahagi ng minaltratong mga may kapansanan ang kanilang kuwento at magalang na diringgin.**

## Sino kami?

Maaari kang suportahan ng Your Story Disability Legal Support upang maibahagi ang iyong kuwento sa Disability Royal Commission. Nagbibigay kami ng libre at kumpidensyal na ligal na payo at suporta.

Kami ay independiyente sa Disability Royal Commission.

## Ano ang ginagawa namin?

Maaari ka naming tulungan sa maraming bagay. Maaari kang makipag-usap sa amin bago mo ibahagi ang iyong kuwento kung:

- nag-aalala ka tungkol sa kaligtasan, pag-access sa mga serbisyo o pagtatrabaho
- nais mong panatilihing pribado ang iyong kuwento
- nais mong pangalanan ang isang tao oorganisasyon na nanakit o nagmaltrato sa iyo
- lumagda ka sa isang dokumento na nagsasabing hindi mo maaaring ikuwento ang nangyari
- mayroon kang patuloy na mga ligal na paglilitis.

# Paano kami makakatulong?

Magandang ideya ang kumuha ng ligal na payo bago mo ibahagi ang iyong kuwento.

Maaari ka naming tulungan na:

- Magpasya kung paano mo ibabahagi ang iyong kuwento
- Suportahan kang gumawa ng paghahain
- Suportahan ka sa isang pribadong sesyon kasama ang Royal Commission
- Tulungan ka sa iyong iba pang mga ligal na problema gaya ng NDIS
- Suportahan ka bago, habang at pagkatapos mong ibahagi ang iyong kuwento
- Iugnay ka sa suportang pagpapayo at adbokasya.

Kung hindi ka namin matulungang lutasin ang iyong ligal o di ligal na problema, maaari ka naming ikonekta sa isang tao na maaaring makatulong.

Maaari ka ring suportahan ng aming social worker upang ibahagi ang iyong kuwento. Maaari ka nilang kausapin at bigyan ng impormasyon at mga pagsangguni sa mga suportang serbisyo.